IJCRT.ORG ISSN : 2320-2882

INTERNATIONAL JOURNAL OF CREATIVE RESEARCH THOUGHTS (IJCRT)

An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# Paggamit Ng Graphic Organizer Sa Pagpapahusay Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino 10

[1]Angel F. Montecino, [2]Grace S. Colcol, [3]Genelyn R. Baluyos

Misamis University
College of Education
Ozamiz City

***Abstract:*** Sa kasalukuyang panahon, matinding katotohanan ang paglalaan ng hindi sapat na pagpapahalaga sa pag-aaral ng panitikan. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang epektibong gamit ng Graphic Organizer sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 10 sa taong panuruan 2023-2024. Ang pananaliksik ay isinagawa sa isang Sekundaryang Pampublikong Paaralan na bahagi ng Department of Education (DepEd). Ang mga respondente ay ang mga mag-aaral na nasa ika-10 baitang at gumamit ng purposive sampling gamit ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng MiniTab statistical software na ginagamitan ng mga kasangkapan na mean, standard deviation, at t-test. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang Graphic Organizer ay epektibong interbensiyon na nagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral pagdating sa Filipino. Inirekomenda sa paaralan na suportahan ang paggamit ng graphic organizer sa lahat ng antas ng kurikulum. Maglaan ng mga pagsasanay at workshop para sa mga guro upang mas epektibong magamit ang graphic organizer sa pagtuturo.

***Index Terms* – Akademikong Pagganap, Graphic Organizer, Interes, Panitikan**

**context at rationale**

Sa panahon ngayon, kapansin-pansing hindi na napapahalagahan ang pag-aaral ng panitikan. Dahil sa makabagong teknolohiya ay hindi na nabibigyang pansin ang tradisyonal na panitikan. Iniisip ng mga mag-aaral na mas magandang tingnan ang mga videos at larawan kumpara sa papel at sulat lang. Kadalasan, hindi nila nakikita ang saysay ng panitikan dahil mahirap intindihin ang mga salitang ginagamit (Babbin, 2024). Mahirap mang isipin ngunit ang henerasyon ngayon ay hindi marunong magpahalaga sa pagbabasa kaya hirap silang hubugin ito (Panay News, 2021).

Ang pag-aaral ng panitikan ay mahalaga sa buhay ng isang mag-aaral sapagkat nahuhubog nito ang kakayahang umunawa sa isang akda. Ayon kina Salviejo at Reblora (2023), ang kahalagahan sa pag-aaral ng panitikan ay labis na kahanga-hanga. Sa pagsasanay sa mga likhang pampanitikan, natututunan ng mga mag-aaral ang kasanayan na maging malikhain sapagkat may kaalaman sila sa mga aspeto ng pagsulat ng akda. Isang halimbawa nito ay ang kanilang pag-aaral sa iba't ibang uri ng tula, taludtod, sanaysay, at iba pa. Bukod dito, nagpatuunan din ng mga mag-aaral ang pagkakaiba-iba ng bawat akda sa isa't isa. Ang panitikan ay nagiging anyo ng pagsasalaysay para sa bawat indibidwal na may-akda. Ang ilang aklat ay nagsisilbing salamin ng lipunan at nagbibigay daan sa atin upang mas maunawaan ang mundo kung saan tayo nabubuhay (Austin, 2022).

Ang pagpapalawak ng panitikan ay may kahalagahan sa silid-aralan ng asignaturang Filipino dahil ang mga nakapaloob sa panitikan ay naglalaan ng pang-unawa sa pangunahing ideya at konsepto para sa mga mag-aaral. Ang panitikan ay tumutulong sa atin na buksan ang ating isipan at pang-unawa sa mundo, at nagbibigay daan

sa atin na makakita at tumuklas liban sa nakikita lang. Sa ganitong paraan, nagsisimula tayong magbalik-tanaw, magtanong at mas maunawaan ang mga bagay (Writers Edition, 2022).

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng panitikan na nangangailangan ng atensyon. Layunin ng guro na tiyakin ang epektibong pagpapatupad at paggamit ng anumang interbensyon at estratehiya, dahil ang maayos na pagbabahagi ng kaalaman ng mga guro sa pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral sa kanilang piniling larangan ay dapat na lalong umangat. Ito ay upang ang kanilang kasanayan at kaalaman sa nasabing asignatura na inaasam ay magtagumpay at maging malinaw sa kanilang kamalayan sa proseso ng pagtuturo ng panitikang Filipino (Daza, 2021). Kaya naman, naisip ng mananaliksik na gamitin ang "Graphic Organizer" bilang estratehiya sa proseso ng pagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa ng nilalaman. Ang mga larawan at grapikong representasyon ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na hatiin ang mas malaking ideya o konsepto sa mas maliit at mas simpleng ilustrasyon na madaling maunawaan (PLB, 2024). Ang mga guro ay dapat magturo ng panitikan sa isang interaktibong paraan upang maintindihan ng mga mag-aaral. Layunin ng pananaliksik na ito na mapahusay ang pagganap ng mag-aaral sa Filipino 10 gamit ang Graphic Organizer sa taong 2023-2024.

Ang graphic organizer ay nakakatulong sa pagbuo ng mga ideya, pagsasaayos at/o pagkakasunod-sunod ng impormasyon, pagpaplano ng sinusulat, pagpapataas ng pang-unawa sa pagbasa, brainstorming, pagsasaayos ng mga problema at solusyon, pagsusuri at pagkakaiba-iba ng mga ideya, pagpapakita ng sanhi at epekto, at iba pa (LDA, 2022). Sa paggamit ng graphic organizer ay nakatuon ito ng atensyon sa mga mag-aaral na basahin ang akda (Benefield, 2023).

Ang pag-aaral na ito tungkol sa paggamit ng graphic organizer sa pag-aaral ng panitikan sa Filipino ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na istruktura sa mga mag-aaral upang mas madaling maunawaan at maalala ang mga konsepto. Makikinabang dito ang mga mag-aaral, guro, at mananaliksik sa larangan ng edukasyon dahil mapapadali nito ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Dagdag pa rito, ang mga guro ay magkakaroon ng epektibong kasangkapan upang mapahusay ang kanilang pagtuturo ng panitikan sa Filipino.

## I. INTERBENSYON

Ang graphic organizer ay nagbibigay daan sa pag-uugnay. Ginagamit din ito upang ibigay ang kategorya ng konsepto ng mga pangyayari, biswal ng mga larawan at mga kaalaman. Nakumpirma na ang paggamit ng graphic organizers ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mula sa pag-uulit lamang ng mga konsepto tungo sa pagbuo ng kanilang kakayahan na lumikha ng bagong ideya batay sa mga hindi magkakaugnay na konsepto (Ranulfo et al., 2019). Kaya ang paggamit ng graphic organizer sa pagtuturo sa silid-aralan bilang estratehiya para sa epektibong kaalaman ng panitikan ay nakagaganyak sa mga mag-aaral upang makuha ang kanilang interes sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang umunawa sa panitikan.

### Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epektibong paggamit ng Graphic Organizer sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 10.

Sinasagot nito ang partikular na tiyak na layunin:
1. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago gamitin ang graphic organizer.
2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang graphic organizer.
3. Nasusuri ang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang graphic organizer.
4. Natutukoy ang iba pang kasanayan na napaunlad pagkatapos gamitin ang graphic organizer.

## II. PAMAMARAAN SA PANANALIKSIK

### 3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ng mananaliksik ay descriptive-comparative design. Ang pamamaraang ito ng pananaliksik ay ginamit upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Ang disenyo na ito ay nailalarawan sa pamamagitan ng walang pagmamanipula ng independiyenteng barbaybol (Cantrell, 2011). Angkop ang descriptive-comparative na disenyo para sa pag-

aaral na ito, na sumusuri sa pagiging epektibo ng paggamit ng graphic organizer sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

**3.2 Lugar ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa antas ng Junior High School, partikular ang mga mag-aaral sa Baitang 10 sa isang paaralan sa Sekundaryong Pampubliko na Bahagi ng DepEd (Department of Education), na matatagpuan sa bahagi ng Ozamiz City, Misamis Occidental na kung saan nag-aalok ng asignaturang Filipino.

**3.3 Mga Kalahok**

Ang mga respondente ay ang 34 na Grade 10 na mag-aaral sa Baitang 10. Pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling technique. Ang pagpipili ng mga respondente ay batay sa mga sumusunod na pamantayan: 1.) mga mag-aaral na naka-enrol sa Paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na Bahagi ng DepEd bilang mga mag-aaral sa Baitang 10 para sa taong panuruan 2023-2024 ; 2.) mga mag-aaral na nagbigay ng kanilang buong pahintulot na magsilbi bilang kalahok sa pag-aaral. Bago isinagawa ang sarbey, tiniyak ng mananaliksik na lahat ng pamantayang iyon ay matutugunan.

**3.4 Etikal na Konsiderasyon**

Upang mapanindigan ang etikal na aspeto ng pag-aaral na ito, hiniling ng mananaliksik ang boluntaryong pakikilahok ng mga respondente. Ipinaalam sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral at tiniyak sa kanila na ang kanilang pakikilahok ay hindi makakasama sa kanila sa anumang paraan. Inuna ng mga mananaliksik ang paggalang sa dignidad ng mga respondente. Tiniyak din ang proteksyon ng privacy ng mga respondente, kompidensiyalidad ng datos ng pananaliksik, at hindi ipinakilala ang mga mag-aaral. Higit pa rito, iniwasan ng mga mananaliksik ang panlilinlang at pagmamalabis tungkol sa mga layunin ng pananaliksik; at dineklarang walang mga kaakibat, pinagmumulan ng pagpopondo, at mga potensyal na salungat ng interes. Ang anumang komunikasyon tungkol sa pananaliksik ay ginawa nang may transparency at iniwasan ang anumang mapanlinlang na impormasyon at maling interpretasyon ng mga pangunahing matutuklasan sa datos. Sa wakas, hiniling ng mananaliksik sa mga respondente na lumagda sa informed consent bilang patunay ng kanilang pagpayag na lumahok.

**3.5 Pag-aanalisa ng Datos**

Bago ang pagsusuri ay inihanda at isinalin ang mga datos. Ang mga datos mula sa isang panayam ay kuwalitatibong susuriin (hyperresearch). Ang mga datos na nakalap mula sa pretest at posttest ng mga mag-aaral ay ibinuod at isinuri gamit ang SPSS, lalo na ang Mean at Standard Deviation at t-test. Ang Mean at Standard Deviation ginamit ang mga ito sa paglalarawan ng mga akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang T-test naman ay ginamit upang siyasatin ang pagkakaiba sa mga kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Sa paggamit ng *Graphic Organizer* na interbensiyon sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral, ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ay napabuti ang kanilang pagganap sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga resulta ng *pre-test* at *post-test* at pakikipanayam ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang, ang makabuluhang puna at mga direksyon para sa mas mahusay na pagtuturo ay ibinigay sa mga guro.

**4.1 Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago Gamitin ang *Graphic Organizer***

Sa talahanayan 1 ay nagpapakita ng pagganap ng mga mag-aaral bago ang paggamit ng *Graphic Organizer*. Ang talahanayan ay nagbibigay ng detalyadong pagbabahagi ng dalas, porsyento, mean (M), at standard deviation (SD) ng mga antas ng pagganap na naabot ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos na ang malaking bahagi ng mga mag-aaral (63.33%) ay hindi natugunan ang mga inaasahan, na may *mean score at standard deviation* na (M=11.90, SD = 4.03).

Nangangahulugan ito na karamihan sa mga mag-aaral sa Baitang 10 ay may mababang kasayanan sa panitikan. Ang mga mag-aaral ay hindi nakakuha ng matataas na marka sa panahon ng pre-test dahil sa

iba't ibang salik. Sila ay nalilito o hindi maintindihan ang mga konsepto dahil ang kanilang pag-unawa rito ay hindi malinaw o naninibago sila sa mga salitang kanilang nabasa sa pagtataya.

Makikita sa resulta na ang mga mag-aaral ay may mababang kaalaman sa panitikan bago gamitin ang *Graphic Organizer.* Kinakailangan na magkaroon ng kagamitang pampagtuturo na siyang magpapahayag sa konsepto ng mga panitikan sapagkat ang panitikan ay pagpapahayag ng mga damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa lipunan, sa pamahalaan, at sa kaugnayan ng kaluluwa sa bathalang lumikha (Azarias, 2018*).* Sa panahon ngayon, marapat lamang na pag-aralan ang panitikan sapagkat mahalaga ito sa pagbuo ng sariling pagkakakilanlan ng isang Pilipino dahil ang mga pangyayari sa panahon natin ngayon ay bahagi na ng ating panitikan. Mas mauunawaan nilang mabuti ito sa pamamagitan nang kung paano ipakikilala ng mga guro ang panitakan sa mga estudyante. Ayon kay Salazar (2000), ang panitikan gaya ng wika ay hindi lamang lundayan at tagapagpahalaga ng ating kultura kundi ito ay kuhanan-impukan ng alinmang kultura.

Ang mga natuklasang ito ay mahalaga para sa mga guro at administrador ng paaralan. Dahil maraming estudyante ang hindi natutugunan ang mga inaasahan, kailangan ng espesyal na interbensyon para matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto. Iminumungkahi ang paggawa ng interbensyon katulad ng *graphic organizer* para sa mga nahihirapang estudyante. Regyular na pagtatasa ay kailangan para masubaybayan ang progreso at ma-adjust ang mga interbensyon para matiyak na lahat ng estudyante ay makakamit ang kanilang mga layunin sa pag-aaral.

**Table 1.**
*Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 10 Bago ang Paggamit ng Graphic Organizer*

| Performance Level | Frequency | Percentage | M | SD |
|---|---|---|---|---|
| **Very Satisfactory** | 1 | 3.33 | 24.00 | - |
| **Satisfactory** | 4 | 13.13 | 21.75 | 0.50 |
| **Fairly Satisfactory** | 6 | 20.00 | 19.33 | 0.82 |
| **Did not Meet the Expectations** | 19 | 63.33 | 11.90 | 4.03 |
| **Overall Performance** | 30 | 100.00 | 15.10 | 5.43 |

*Note Scale: 26-30 (Outstanding); 23-25 (Very Satisfactory); 21-22 (Satisfactory); 18-20 (Fairly Satisfactory); 1-17 (Did not Meet the Expectations)*

### 4.2 Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos Gamitin ang *Graphic Organizer*

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang *graphic organizer.* Ang talahanayan ay naglalaman ng detalyadong pagbabahagi ng dalas, porsyento, mean (M), at standard deviation (SD) para sa bawat antas ng pagganap na naabot ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang Graphic Organizer. Makikita sa kabuuang datos sa ibaba ang mean score para sa post-test ay 19.68 na may standard deviation na 4.94. Ang interpretasyon ng datos na ito ay ang pagganap ng mga mag-aaral sa post-test ay itinuturing na *fairly satisfactory* na may antas ng kasanayan na 100%.

Ipinapakita sa talahanayan 2 na ang may mataas na antas na pag-unawa ang mga mag-aaral sa paggamit ng *graphic organizer*. Nangangahulugan na ang paggamit ng estratehiyang ito ay nagpapataas ng antas sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan (Jiang, 2017). Epektibo ang paggamit ng *graphic organizer* sa aralin. Nakakatulong ito na mapabuti ang kakayahan ng mga estudyante sa pag-unawa ng binabasa. Mas madaling nauunawaan ng mga estudyante ang impormasyon sa teksto at natutukoy ang pangunahing ideya sa bawat talata. Sa kabuuan, nagiging mas aktibo ang mga estudyante sa mga gawaing pangbasa (Sareh & Drajati, 2019).

Ang mga resultang ito ay kritikal para sa mga guro at administrador ng paaralan. Ipinapakita ng datos ang halaga ng mga interaktibo at biswal na kagamitan sa pag-aaral para sa pagpapabuti ng pagganap sa akademya. Upang lalo pang suportahan ang tagumpay ng mga mag-aaral, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng *Graphic Organizer* at pagsasama ng iba pang biswal at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo.

Kinakailangang magsagawa ng regular na pagsusuri at magbigay ng personalisadong fidbak upang matukoy at matugunan ang mga natatanging pangangailangan sa pag-aaral. Bukod dito, dapat sanayin ang mga guro sa epektibong paggamit ng mga kagamitang ito upang mapahusay ang resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Table 2.**

*Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos*

*Gamitin ang Graphic Organizer*

| Performance Level | Frequency | Percentage | M | SD |
|---|---|---|---|---|
| **Outstanding** | 3 | 10.00 | 26.00 | 0.00 |
| **Very Satisfactory** | 8 | 26.67 | 24.00 | 0.76 |
| **Satisfactory** | 4 | 13.33 | 21.50 | 0.58 |
| **Fairly Satisfactory** | 4 | 13.33 | 19.00 | 1.16 |
| **Did not Meet the Expectations** | 11 | 36.67 | 14.36 | 3.23 |
| **Overall Performance** | 30 | 100.00 | 19.68 | 4.94 |

*Note Scale: 26-30 (Outstanding); 23-25 (Very Satisfactory); 21-22 (Satisfactory); 18-20 (Fairly Satisfactory); 1-17 (Did not Meet the Expectations)*

### 4. 3 Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Graphic Organizer

Ang talahanayan 3 ay ang mga deskriptibong istatistika at ang resulta ng t-test analysis na naghahambing sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng graphic organizers. Ang talahanayan ay naglalaman ng mean (M), standard deviation (SD), t-value, p-value, at ang desisyon batay sa p-value.

**Table 3.** *Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap*

*ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin*

*ang Graphic Organizer*

| Variables | M | SD | t-value | p-value | Decision |
|---|---|---|---|---|---|
| **Bago ang Paggamit ng Graphic Oraganizer** | 15.10 | 5.43 | 6.77 | 0.00 | Reject Ho |
| **Pagkatapos ang Paggamit ng Graphic Organizer** | 19.68 | 4.94 | | | |

Batay sa talahanayan 3, ipinapakita ng pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng *graphic organizers*. Ang *mean score* bago gumamit ng *graphic organizers* ay 15.10 (SD = 5.43), habang ang *mean score* pagkatapos gumamit ng *graphic organizers* ay 19.68 (SD = 4.94). Ang t-value ay 6.77 na may p-value na 0.00, na nagpapahiwatig ng estadistikong makabuluhang pagbuti sa pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos ng implementasyon ng *graphic organizers* ($t = 6.77$, $p = 0.00$).

Ang makabuluhang pagtaas sa mga *mean scores* ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng *graphic organizers* ay may positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang pagbuting ito ay maaaring maiugnay sa pinahusay na organisasyon at biswal na presentasyon ng impormasyon na ibinibigay ng mga *graphic organizers*, na nagpapadali sa mga mag-aaral na maunawaan at maalala ang mga kumplikadong konsepto.

Dahil lahat ng mga pahalang sa pagsusuri ay may p-values na mas mababa sa 0.05, walang natuklasang hindi mahalaga. Ang pagkakapare-pareho ng kabuluhan sa lahat ng baryabol ay nagpapakita na ang graphic organizers ay epektibong kasangkapan para sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral.

Nangangahulugan itong ang paggamit ng graphic organizers sa silid-aralan ay sumusuporta sa mga guro sa pagpapadali ng mga konsepto na kailangang pag-aralan ng mga estudyante. Dahil dito, napabuti ng mga guro ang akademikong pagganap ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng *graphic organizers*. Ang pag-aaral na ito ay nalaman ang bisa ng *graphic organizers* sa pagpapahusay ng pagkatuto (Kalaivani & Radhamani, 2023). Ayon kay Lopez (2018), ang *graphic organizers* ay nagpapadali ng pag-unawa at pagtanda ng mga aralin kumpara sa simpleng pagdidikta o pagkopya. Ginagawa nitong mas malinaw ang mga ideya, nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na maintindihan ang mga konsepto ng agham ayon sa kanilang antas ng pag-unawa.

Ang mga natuklasan ay may mahalagang implikasyon para sa mga guro at administrador ng paaralan. Ang pagbuti ng pagganap ng mga mag-aaral gamit ang *graphic organizers* ay nagpapakita na kapaki-pakinabang ang mga ito sa pagtuturo. Iminumungkahi na isama ng mga guro ang graphic organizers sa kanilang mga plano sa leksyon upang mapadali ang pag-unawa at pag-alala ng mga estudyante. Maaaring magdaos ng professional *development workshops* para sa mga guro upang ipakita ang epektibong paggamit ng *graphic organizers*. Ang regyular na pagtatasa at pagmamanman ng progreso ng mga mag-aaral ay mahalaga upang masuri ang bisa ng mga kasangkapang ito at mai-adjust ang mga pamamaraan sa pagtuturo ayon sa pangangailangan.

**Mga Pangunahing Pagpapaunlad na Naganap Matapos Gamitin ang Interbensiyon na *Graphic Organizer***

**Mahusay na Paglalahad ng mga Ideya.**

Nabanggit ng mga mag-aaral sa panayam na nagkaroon sila ng mahusay na paglalahad ng mga ideya sa asignaturang Filipino. Ang paggamit ng interbensyiong *graphic organizer* ay nakatulong sa kanila na matukoy ang mga konsepto at ideya ng panitikan. Ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa panitkan kung kaya tumaas rin ang kanilang interes na makinig sa talakayan sapagkat naging mas madali na sa kanila na maunawaan ang mga ideya ng panitikan gayundin ang mga konteksto na nakapaloob sa akdang kanilang binabasa. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Naging mas organisado ang aking mga ideya at mas mabilis kong natutukoy ang mahahalagang bahagi ng kwento." (P3)*

*"Nakatulong ang graphic organizer sa pagbuo ng mga koneksyon sa pagitan ng iba't ibang bahagi ng akda." (P5)*

*"Nakatulong ang graphic organizer sa pagpapabuti ng aking kakayahan sa pagbuo ng argumentasyon at ebidensya. Mas madali kong napagtatanggol ang aking mga pananaw." (P7)*

*"Nakatulong ito sa akin na maging mas organisado sa aking pagsusulat. Mas malinaw at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng aking mga ideya." (P9)*

*"Nakatulong ang graphic organizer na makita ang koneksyon ng bawat bahagi ng kwento, kaya mas comprehensive ang aking pag-unawa." (P6)*

Sa pamamagitan ng *graphic organizer,* mas napapadali ng mga mag-aaral na mag-organisa ng mga ideya batay sa nabasang akdang pampanitikan. Ang mga *graphic organizer* ay isang kapaki-pakinabang na kagamitan sa pag-aaral para sa mga mag-aaral upang mag-organisa, linawin, o gawing simple ang kumplikadong impormasyon. Tinutulungan nila ang mga mag-aaral na bumuo ng pag-unawa sa pamamagitan ng pagpapahusay sa paglalahad ng mga konsepto ng binabasa (Wise, 2019). Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga konsepto sa mga akda, nabubuksan ng mga mag-aaral ang mga pintuan ng iba't ibang uri ng panitikan. Nakakatulong din ang malawak na kaalaman sa mga salita upang maunawaan nila ang mga komplikadong konsepto at mensahe ng mga manunulat (De Silva, 2019).

**Pagtataas ng interes at aktibong partisipasyon sa klase.**

Ang paggamit ng *graphic organizer* ay napatunayang epektibo sa pagtataas ng interes at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa klase. Ang biswal na presentasyon ng impormasyon ay nagpapadali sa pag-unawa ng mga kumplikadong konsepto, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pakikilahok. Ang pormat nito ay tumutulong sa mga estudyante na mas organisadong maipahayag ang kanilang mga ideya, nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa mga talakayan. Sa kabuuan, ang *graphic organizer* ay mahalagang kasangkapan sa pagpapataas ng interes at aktibong partisipasyon sa klase. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Mas naging aktibo ako sa klase dahil sa paggamit ng graphic organizer, mas nadagdagan ang aking interes sa panitikan." (P6)*

*"Nagiging mas engaged ako sa pagbabasa dahil sa graphic organizer. Nagbibigay ito ng visual aid na nakakatulong sa akin na mas maunawaan ang mga konsepto." (P6)*

*"Nagkaroon ako ng mas mataas na interes sa klase dahil sa paggamit ng graphic organizer." (P4)*

*"Mas nagkaroon ako ng interes sa mga diskusyon sa klase. Mas madali kong naipapahayag ang aking mga naiisip at nararamdaman tungkol sa mga aralin." (P5)*

*"Nakatulong ang graphic organizer sa pagkakaroon ng mas malinaw na pananaw sa mga aralin. Mas nagustuhan ko ang proseso ng pagkatuto dahil dito." (P9)*

Ang *graphic organizer* ay isang estratehiya na nagpapalakas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pamamagitan ng biswal na pag-aayos ng impormasyon, na nag-uudyok sa kanila na makilahok at mag-isip nang kritikal. Ayon kina Adipat, et a., (2021), ang paggamit ng mga *graphic organizer* ay nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral, nagdadagdag ng kasiyahan, at nagbibigay sa kanila ng motibasyon na gumawa at lumikha ng sarili nilang *graphic organizer*. Sa madaling salita, maaaring makatulong ang mga *graphic organizer* sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan, at maaari rin itong magamit upang mapabuti at mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pananaliksik at paglutas ng problema (Chanshi & Daka, 2020).

**Pagtataas ng interes at aktibong partisipasyon sa klase.**

Ang paggamit ng *graphic organizer* ay napatunayang epektibo sa pagtataas ng interes at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa klase. Ang biswal na presentasyon ng impormasyon ay nagpapadali sa pag-unawa ng mga kumplikadong konsepto, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pakikilahok. Ang pormat nito ay tumutulong sa mga estudyante na mas organisadong maipahayag ang kanilang mga ideya, nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa mga talakayan. Sa kabuuan, ang *graphic organizer* ay mahalagang kasangkapan sa pagpapataas ng interes at aktibong partisipasyon sa klase. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Mas naging aktibo ako sa klase dahil sa paggamit ng graphic organizer, mas nadagdagan ang aking interes sa panitikan." (P6)*

*"Nagiging mas engaged ako sa pagbabasa dahil sa graphic organizer. Nagbibigay ito ng visual aid na nakakatulong sa akin na mas maunawaan ang mga konsepto." (P6)*

*"Nagkaroon ako ng mas mataas na interes sa klase dahil sa paggamit ng graphic organizer." (P4)*

*"Mas nagkaroon ako ng interes sa mga diskusyon sa klase. Mas madali kong naipapahayag ang aking mga naiisip at nararamdaman tungkol sa mga aralin." (P5)*

*"Nakatulong ang graphic organizer sa pagkakaroon ng mas malinaw na pananaw sa mga aralin. Mas nagustuhan ko ang proseso ng pagkatuto dahil dito." (P9)*

Ang *graphic organizer* ay isang estratehiya na nagpapalakas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pamamagitan ng biswal na pag-aayos ng impormasyon, na nag-uudyok sa kanila na makilahok at mag-isip nang kritikal. Ayon kina Adipat, et a., (2021), ang paggamit ng mga *graphic organizer* ay nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral, nagdadagdag ng kasiyahan, at nagbibigay sa kanila ng motibasyon na gumawa at lumikha ng sarili nilang *graphic organizer*. Sa madaling salita, maaaring makatulong ang mga *graphic organizer* sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan, at maaari rin itong magamit upang mapabuti at mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pananaliksik at paglutas ng problema (Chanshi & Daka, 2020).

**Mas malinaw na pag-unawa sa estruktura at mga detalye ng kwento.**

Ang paggamit ng *graphic organizer* ay nagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa estruktura at mga detalye ng kwento. Tinutulungan nito ang mga estudyante na madaling matukoy ang simula, gitna, at wakas ng kwento. Masusi rin nitong pinapadali ang pagsusuri sa mga tauhan, tagpuan, banghay at tema. Sa kabuuan, ang *graphic organizer* ay epektibong kasangkapan para mapalalim ang pag-unawa ng mga estudyante sa bawat bahagi ng kwento. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Nakatulong ang graphic organizer sa akin na mas madaling maunawaan ang estruktura ng kwento at mga pangunahing pangyayari." (P1)*

*"Mas naging malinaw ang aking pag-unawa sa mga tauhan at kanilang pag-unlad sa kwento. Nakakatulong ang graphic organizer sa pagsusuri ng kanilang mga aksyon at desisyon." (P3)*

*"Mas napadali ang pag-aaral ko sa mga karakter at ang kanilang relasyon sa isa't isa." (P4)*

*"Mas napadali ang aking pagbuo ng mga argumento at interpretasyon sa mga akda dahil sa organisadong paraan ng paglalagay ng impormasyon sa graphic organizer." (P7)*
*"Nakatulong ang graphic organizer na mas maunawaan ko ang kahalagahan ng bawat bahagi ng kwento. Mas naging masaya at makabuluhan ang aking pag-aaral." (P6)*

Ang *graphic organizer* ay isang mahalagang gamit sa pagbibigay ng malinaw na estruktura ng kuwento, na tumutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan at ayusin ang mga pangunahing ideya ng kuwento. Ayon kay Wise (2019), ang maayos na dinisenyong *graphic organizer* ay dapat gumabay sa mga mag-aaral na mag-uri ng mga pangunahing konsepto, makita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya, at makatulong sa pagbuo ng kaalaman. Ayon naman kay Miller (2011), ang mga *graphic organizer* ay nagsisilbing biswal na representasyon ng mga ideya na tumutulong sa mga mag-aaral na ayusin ang kanilang pag-iisip at gamitin ang kanilang kakayahan sa pag-iisip upang umunawa sa mga estruktura at banghay ng isang kuwento.

## IV. KONKLUSYON

### Mga Natuklasan

Ang mga sumusunod ay ang mga mahahalagang resulta sa pananaliksik:

1. Mababa ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtatasa bago gamitin ang *Graphic Organizer* na interbensiyon.
2. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuuang puntos na napapabilang sa *Outstanding* na antas pagkatapos gamitin ang *Graphic Organizer* na interbensiyon.
3. Mayroong malaki at makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Graphic Organizer* na interbensiyon.
4. Ang *Graphic Organizer* ay nagdulot ng pagpapabuti at pag-unlad sa pagganap sa Filipino.
5. 

**Konsklusyon**

Ang mga sumusunod ay ang mga kongklusyon sa pananaliksik:

1. Hindi masyadong nakikinig sa guro sa talakayan at nakikilahok ang mga mag-aaral bago gamitin ang Graphic Organizer.
2. Tumaas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral at nakikilahok na ang mga ito sa talakayan pagkatapos gamitin ang Graphic Organizer.
3. Epektibo ang paggamit ng Graphic Organizer sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral sapagkat mayroong malaki at makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap bago at pagkatapos gamitin ang Graphic Organizer.
4. Ang Graphic Organizer ay nakatulong sa pagpapahusay sa antas ng pagganap sa asignaturang Filipino tulad ng mahusay ng paglalahad ng mga ideya, pagtataas ng interes at aktibong partisipasyon sa klase, at mas malinaw na pag-unawa sa estruktura at mga detalye ng kuwento.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasang resulta ng pananaliksik, narito ang mga rekomendasyon:

1. Para sa mga mag-aaral, patuloy na gamitin ang *graphic organizer* sa pag-aaral upang mapanatili at mapabuti pa ang akademikong pagganap. Magsanay sa paggamit nito upang mas madaling maunawaan at maalala ang mga konsepto ng panitikan.
2. Para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino, i-aplay ang *graphic organizer* sa inyong pagtuturo upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Regular na suriin at i-update ang mga ginagamit na *graphic organizer* upang siguraduhing angkop at epektibo ang mga ito.
3. Sa paaralan, suportahan ang paggamit ng *graphic organizer* sa lahat ng antas ng kurikulum. Maglaan ng mga pagsasanay at *workshop* para sa mga guro upang mas epektibong magamit ang *graphic organizer* sa pagtuturo.
4. Para sa iba pang asignatura, maaari nilang gamitin at magkaroon ng higit pang mga pagsasanay sa Graphic Organizer upang pagpapahusayin ang pagganap at pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan.
5. Para sa mga susunod na mananaliksik, magsaliksik ng iba pang aspeto ng paggamit ng *graphic organizer,* tulad ng epekto nito sa iba't ibang asignatura at sa iba’t ibang uri ng mag-aaral. Magsagawa ng mas malalim na pag-aaral upang higit pang mapatibay ang mga natuklasang resulta at magbigay ng mas malawak na kaalaman sa larangang ito.

## V. PAGKILALA

Ipinaabot ng mananaliksik ang taos-pusong pasasalamat sa mga taong tumulong sa paggawa ng pananaliksik na ito. Sila ang mga sumusunod:

Unang-una at higit sa lahat, sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito;

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Kay Bb. Grace S. Colcol, ang aking cooperating teacher, ang aking tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at probisyon na naging matagumpay sa tesis na ito. Malaking tulong ang pagbabahagi sa kanyang kaalaman sa pagsusuri ng mga datos.

Sa mga respondente, ang kanilang kooperasyon, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

## REFERENCES

[1] [1] Action Research (Filipino) -BUKLET SA PAGSULAT NG AKADEMIKONG PAPEL BILANG LUNSARAN SA PAGTUTURO- Studocu

[2] Alenazi, Aisha. "THE EFFECTIVENESS OF GRAPHIC ORGANIZERS IN IMPROVING READING COMPREHENSION FOR STUDENTS WITH LEARNING DISABILITIES IN MIDDLE SCHOOL: A REVIEW OF LITERATURE." ( Jan 2018).

[3] Austin, S. (2022, October 27). *The importance of literature in modern society*. Findcourses.co.uk. https://www.findcourses.co.uk/inspiration/hobby-fun-leisure-articles/the-importance-of-literature-in-modern-society-17411

[4] Babbin, E., EdD. (2024, January 17). *6 reasons why kids refuse to read. Understood.* https://www.understood.org/en/articles/6reasons-why-kids-refuse-to-read

[5] Benefield, K. (2023, March 14). 5 Great Benefits of Using Graphic Organizers in the Classroom-Teaching Fourth and more! *Teaching Fourth and more!* https://teachingfourth.com/benefits-of-using-graphic-organizers/

[6] *Benefits of using graphic organizers in the classroom*. (n.d.). https://teachingfourth.blogspot.com/2017/03/benefits-of-using-graphic-organizers-in.html

[7] Bloom, R., & Sheriff, K. (2014). Effects of computer-based graphic organizers to solve one-step word problems for middle school students with mild intellectual disability: A preliminary study. Research in Developmental Disabilities, 35, 1828-1837. doi: 10.1016/j.ridd.2014.03.023

[8] Colendra, R. C., & Carada, I. G. (2023). GAMIFICATION TOOLS IN TEACHING FILIPINO SUBJECT AND READING COMPREHENSION. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, *9*(8), 72-80.

[9] Graphic Organizers- Learning Disabilities Association of America, n.d.)

[10] Kalaivani, D., Radhamani, K., D, K., & Karuppusamy, K. (2023). EFFECTIVENESS OF USING GRAPHIC ORGANISERS IN ENHANCING SCIENCE LEARNING AMONG VII STANDARD STUDENTS. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/373757230_EFFECTIVENESS_OF_USING_GRAPHIC_ORGANISERS_IN_ENHANCING_SCIENCE_LEARNING_AMONG_VII_STANDARD_STUDENTS

[11] Melinda Syahputri, Hardiyanti, S., & Lubis, R. R. (2024). Introducing The World of Language and Literature and Increasing Students' Interest in Reading in Lower Grades. *Journal of General Education Science*, *2*(2), 177–184. https://doi.org/10.62966/joges.v2i2.566

[12] Nabillah, Y., Ittaqitafuzi, I., & Rohmana, W. (2024). The Benefits of Literature in Developing Talent and Self-Confidence for English Club Extracurricular Students in High School Level. *JELL*

*(Journal of English Language and Literature) STIBA-IEC Jakarta*, *9*(01), 213-218. https://doi.org/10.37110/jell.v9i01.198

[13] PressReader.com- digital newspaper & magazine subscriptions. (n.d.-b). Bakit hirap ang mga taong magbasa. https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/20210406/281638193008885

[14] Sari, N. K., Drajati, N. A. ., & Rochsantiningsih, D. . (2019). Promoting Studentsâ€™ Reading Comprehension Using Graphic Organizer: A Classroom Action Research . *International Journal of Language Teaching and Education*, *3*(2), 118-129. https://doi.org/10.22437/ijolte.v3i2.7394

[15] Utami, I. S. (2018). *Ang epekto ng Blended Learning sa tagumpay ng mag-aaral sa Senior High School*. shs-conferences.org. Retrieved November 6, 2022, from https://www.shs-conferences.org/articles/shsconf/pdf/2018/03/shsconf_gctale2018_00027.pdf

[16] Wise, M. (2019, January 22). Increasing the value of graphic organizer. Edutopia. https://www.edutopia.org/article/increasing-value-graphic-organizers/

[17] Wise, M. (2019, January 22). *Increasing the value of graphic organizers*. Edutopia. https://www.edutopia.org/article/increasing-value-graphic-organizers/#:~:text=Graphic%20organizers%20are%20a%20helpful,of%20the%20relationships%20between%20concepts.

*[18]* Writers International Edition. (2022, September 10.) *Importance of literature.*